| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | DepEdClub.com | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | NOVEMBER 4 - 8, 2024 (WEEK 6) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (anekdota, tulang pambata, at kuwentong-bayan) at tekstong impormatibo (paglalahad muli *(recount)* gaya ng talaarawan at talambuhay ng sarili), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng salaysay ng karanasang lokal o rehiyonal at tungkol sa sarili (talambuhay ng sarili o *autobiography*). |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan sa Pakikinig at Pagbasa (Mga Kasanayang Pagtanggap)**<br>● Nakatutugon nang maayos sa pinatubayang pagbabasa at pag-iisip<br>● Nauunawaan ang tekstong naratibo (kuwentong bayan).<br>a. naibibigay ang sariling palagay batay sa pamagat at mga pangyayari sa kuwento<br>b. nasusuri ang layon ng teksto<br>c. naisasaayos ang mga larawan batay sa wastong pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento<br>d. naibibigay ang kahulugan sa kilos o pahayag ng tauhan<br>e. naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa ikinilos o sinabi ng tauhan<br>f. nababago ang katangian o pag-uugali ng mga tauhan<br>● Naibabahagi ang sariling karanasan sa pagbabasa, pakikinig at panonood ng mga kuwentong-bayan<br>● Nagagamit ang salitang may denotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap.<br>a. panandang konteksto (kasingkalugan, pagsasakilos) |

| | |
|---|---|
| | **Mga Kasanayan sa Pagsasalita at Pagsulat (Mga Kasanayang Produktibo)**<br>● Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag<br>a. Mga Aspekto ng Pandiwa<br>● natutukoy ang mga salitang nagsasaad ng kilos na tapos na o katatapos na ginamit sa kuwento<br>● nasusuri ang kayarian ng mga pandiwang tapos na/katatapos<br>● nakabubuo ng mga pandiwang perpektibo/katatapos mula sa naibigay na salitang-ugat o anyong pawatas<br>● nagagamit ang mga pandiwang pangnagdaan/perpektibo sa pagbuo ng mga pangungusap at sa pagkukuwento<br><br>**Mga Kasanayan sa Panonood at Presentasyon**<br>Nailalarawan ang ipinahihiwatig na kahulugan ng mga elementong biswal (linya, hugis, kulay, espasyo, pag-aanyo) at direksyon *(directionary)* na nasa tekstong namasid o napanood |
| **D. Nilalaman** | Tekstong Naratibo (Kuwentong bayan): Ang Mahiwagang Singsing Mga<br>Katangian ng Kuwentong-Bayan<br>Paggamit ng mga Bahagi ng Pandiwang Perpektibo sa Pagpapahayag |
| **E. Integrasyon** | Kamalayang Pangkalikasan (Pagmamalasakit sa mga Hayop) |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Abueg, E. R. at Alberto, G. M. (1994). Tradisyon. Kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas. Abuelar Educational Materials & Products Agno, L. C. (n.d.). Sina baka at kalabaw (Di Nailathalang Salaysay).
https://drive.google.com/drive/folders/1L2w936_a5XhRRSlZIVrpMTFzBUm9dJGY Agno, L.C. (n.d.).
Bakit maluwag ang balat ng baka (Di Nailathalang Salin).
https://drive.google.com/drive/folders/1tE2tatHIGzt_m_uYCh6qu0uke5UYE7WY?usp=sharing
Attorneys of the Philippines (June 12, 2023). Animal welfare and protection: Understanding Philippine laws for the welfare of Animals. https://rb.gy/24xpq
Badayos, P. B. (1999). Metodolohiya sa Pagtuturo ng wika. Mga teorya, simulain, at istratehiya. Makati City: Grandwater Publications and Research Corp.
Curriculum Guide for the MATATAG Curriculum

De Guzman, M. O. (1972), Mga alamat ng Pilipino. https://rb.gy/b3dmy)
DepEd (2012). DepEd Order No. 73, s. 2012. Guidelines on the assessment and rating of learning 0utcomes under the K to 12 Basic Education Curriculum
DepEd Order No 42, s. 2016. Lesson preparation for the K to 12 Basic Education Program
DepEd Order No. 31, s. 2020. Interim guidelines for assessment and grading in light of the BELCP Fansler, D. S. (2008 December 9). Why the cow's skin is loose. https://rb.gy/yu6rdq
Ferlazzo, L. (2021). Seven strategies for grammar instruction. Education Week. https://www.edweek.org/teaching-learning/opinion-seven-strategies-for-grammar-instruction/2021/06
Komisyon sa Wikang Filipino. (2015). KWF Manwal sa masinop na pagsulat. Ikalawang edisyon. Aklat ng Bayan Paz, M. at Belvez, Ed. D. (2003). PAMANA: Sining ng pagkukuwento at pagbigkas ng tula. Rex Book Store Rubin, L. T. At Evasco, E. Y. (2001). Ang sining ng tula at maikling kuwentong pambata. Rex Book Store.
Santiago, A. O. at Norma G. T. (2003). Makabagong balarilang Filipino. Rex Bookstore, Inc
Villanueva, V. M. (2018). Ako Bibo Kase Dapat. #ABKD. Alpabeto ng inobatibo at makabagong guro sa Agham Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House.
Wikipedia. Ang alamat ng baka at kalabaw. https://tl.wikipedia.org/wiki/Alamat_ng_baka_at_kalabaw


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Itaas ang Sagot:** Ipasagot ang mga tanong. Isusulat ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa isang plakard. Maaaring isahan, dalawan o tatluhan ang pagsagot.<br>a. Ano ang pangkalahatang tawag sa mga tekstong nagsasalaysay tulad ng anekdota? (naratibo)<br>b. anong tekstong naratibo ang nagsasalaysay ng sariling karanasang maaaring malungkot o masaya? (anekdota)<br>c. Ano ang layunin ng tekstong naratibo? (magsalaysay)<br>d. Anong teksto ang may layuning maglahad? (impormatibo)<br>e. Ano-ano ang mga bahagi ng isang tekstong pasalaysay? (simula, gitna, wakas)<br>f. Anong teksto ang naglalahad ng mahahalagang tala tungkol sa buhay ng isang tao? (talambuhay)<br>g. Ano ang tawag sa araw-araw na tala ng mga pangyayari sa buhay ng isang tao? (talaarawan)<br>h. Paano mo maibabahagi ang iyong karanasan o karanasan ng ibang tao? (ikuwento/isalaysay) | Ang bahaging ito ay magpapatibay sa kaalaman ng mga bata at maghahanda sa kanila sa susunod na aralin.<br><br>Ang pagbibigay ng mga pidbak ay makatutulong sa mga mag-aaral upang mapabuti ang pagtamo nila sa mga inaaasahang bunga ng pagtuturo. |

| | | |
|---|---|---|
| | i. Anong bahagi ng teksto ang nagsasalaysay sa mga pangyayaring naganap sa anekdota? (gitna)<br>j. Maaari rin bang maging naratibo ang tulang pambata? (oo)<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)**<br>Ibigay ang iyong mga puna tungkol sa awtput ng mga mag-aaral sa kanilang gawaing pantahanan. | Makakapag-nilay-nilay sila tungkol sa mga kalakasan o kahinaan nila. |

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Panghikayat na Gawain<br>Paggising sa Dating Kaalaman at Pag-uugnay sa Aralin<br>
a. Tanungin ang nalalaman ng mga bata tungkol sa mga pagmamalupit at pagmamalasakit sa mga hayop. Magpakita ng isang video clip mula sa https://rb.gy/tji2p Sabihing kailangang basahin nila ang isang halimbawa ng kuwentong-bayang pinamagatang “Ang Mahiwagang Singsing” na naglalahad ng karanasan ni Edwin tungkol sa pagtrato niya sa mga hayop.<br>
b. Ibigay ang pangganyak na tanong: Paano trinato ni Edwin ang mga hayop? Ano ang naging bunga nito sa kaniyang pamilya?<br>
c. Itanong: Batay sa pamagat ng kuwentong bayan, mayroon ba kayong iniisip na kasagutan?<br>
d. Sabihing masasagot ang tanong pagkatapos mabasa ang kuwentong-bayan.<br><br>
2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin Ang Pagkukuwento at ang Kuwentong-Bayan<br>
a. Ipaliwanag na bahagi ng kultura ng mga Pilipino ang pagkukuwento. Ito ay karaniwang nangyayari sa pagitan ng mga magulang at mga anak, mga lolo o lola at mga apo, mga magkakaibigan o mga magkakamag-anak.<br>
b. Pag-usapan ang karanasan ng mga bata sa pakikinig, pagbabasa o panonood ng mga kuwento.<br>
c. Ipakilala ang ngalang “kuwentong bayan” bilang isa pang tekstong naratibo at ibigay ang kahulugan nito.<br>
d. Sabihing babasahin at pag-uusapan nila ang isang kuwentong-bayan.<br>
e. Itanong kung bakit mahalagang magbasa o makinig sa mga kuwentong bayan.<br><br>
3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>
Bago ipabasa ang kuwento, linangin muna ang talasalitaan ng mga bata.<br><br>
Hanap-Kahulugan: Hanapin sa loob ng bawat pahayag ang kasingkahulugan ng salitang nakasulat nang italisado.
</td>
<td>Ang kuwentong-bayan ay isang kathang-isip na salaysay na kumakatawan sa pag-uugali ng mga mamamayan sa lipunan at kinapupulutan ng aral. Ito ay bahagi ng katutubong panitikan, lumaganap at nagpasalin- salin sa iba’t ibang henerasyon sa paraang pasalita o pasalindila.<br>Ang mga pangyayari sa kuwentong-bayan ay hindi batay sa mga pangalan, lugar at panahon. Maaaring ang paksa nito ay hayop (kaya tinatawag na pabula), mahika, romansa, pagbibiro at anekdota at<br>iba pang salaysay na hindi</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Mahirap umutang ng pera kung wala kang ipakikitang sangla. Hinahanap nila ang kapalit o panagot ng perang uutangin mo kung sakaling hindi mo ito mabayaran.<br>2. Maraming pumupunta sa poblasyon. Dinadala roon ang mga paninda dahil doon ang sentro ng bayan.<br>3. *Lumusong* ka sa tubig upang mailigtas mo ang nalulunod. Bilisan mong pumunta roon.<br>4. May mahiwagang nangyayari. Kataka-taka ang mga ikinikilos ng lalaking iyan.<br>5. Pumunta sa laot ang mga mangingisda. Mas maraming nahuhuling isda sa gitna ng dagat.<br><br>**Aksiyon-Agad:** Sa hudyat na "Aksiyon", agad na isakilos ang mga salita/lipon ng mga salitang may salungguhit.<br>1. *Hinaplos-haplos* ni Eva ang kaniyang kamay na naipit.<br>2. *Napatulala* ako dahil sa masamang balita.<br>3. *Ibuka* mo ang iyong bibig at ikaw ay susubuan ko.<br>4. *Dukutin* mo ang pera sa bulsa ko dahil masakit pa ang aking kamay.<br>5. Nabigla siya sa narinig kaya *hindi siya nakakibo.* | kabilang sa alamat at mito (Abueg, Alberto, 1994).<br>Sa pabula, mga hayop o bagay na walang buhay ang karaniwang gumaganap na pangunahing tauhan.<br>Ang alamat ay haka- hakang kuwentong bayan tungkol sa pinagmulan ng isang lugar o bagay.<br>Ang mito ay kuwentong piksiyon tungkol sa buhay at karanasan ng mga diyos at diyosa. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br>**KAUGNAY NA PAKSA 1: PAGBABASA NG KUWENTONG-BAYAN**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-Unawa**<br><br>a. **Pinatnubayang Pagbabasa-Pag-iisip (Directed Reading-Thinking Activity)**<br>Sundin ang mga hakbang sa estratehiyang ito. Tiyaking nasasagot muna ang mga tanong bago ipagpatuloy ang kasunod na bahagi.<br><br>**Ang Mahiwagang Singsing (Isang Kuwentong Bayan)**<br>*Awtor: Anonimos*<br><br>1. Ulila na sa ama si Edwin. Hikahos ang buhay nilang mag-ina pagkat wala namang pera at pag-aaring naiwan sa kanila ang yumaong ama. Malaki ang pagnanais nilang mag-ina na makaahon sa kahirapan. Ibig nilang magsimula ng negosyo, ngunit saan sila kukuha ng puhunan?<br><br>**Ano sa palagay niyo ang gagawin ng mag-ina upang magkaroon sila ng puhunan sa pagnenegosyo?**<br>2. Pagkaraan ng ilang buwan, naglakas-loob silang mangutang kay Mang Rico, ang mayaman nilang kapitbahay. Itinanong ni Mang Rico kung anong ari-arian nila ang maaaring maging | Iminumungkahi na ipakita sa *powerpoint presentation* ang bawat bahagi ng kuwento upang hindi muna mababasa ng mga bata ang kasunod na bahagi hanggat hindi pa ipinakikita ng guro.<br>Mas maganda rin na isagawa ang Modelong Pagbabasa kung saan ang guro at ilang mag-aaral na magaling bumasa ang siyang magsasagawa ng malakas na pagbasa (ang iba ay magbabasa nang tahimik) upang marinig nila ang wastong tono o tinig at makita ang mga angkop na ekspresyon o |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
sangla. Nagkatinginan na lamang ang mag-ina. Hindi sila makakibo. Pagkat wala silang anomang ari-arian.<br><br>
"Gayunpaman, pauutangin ko rin kayo. Hanga ako sa lakas ng loob ninyo na dumulog sa akin. Kaya lamang, pauutangin ko kayo sa isang kondisyon, " sabi ni Mang Rico. "Payag ba kayo?" tanong ni Mang Rico.<br><br>
"Opo, payag kami. Ano po ang kondisyon?" tanong ng nanay ni Edwin.<br><br>
"Na ang halagang sanlibong pisong uutangin ninyo ay dodoblehin kapag hindi ito nabayaran sa loob ng isang taon," ani Mang Rico.<br><br>
Nangamba ang mag-ina sa sinabi ni Mang Rico, subalit dahil sa laking pagnanais na makapagnegosyo at makaahon sa kahirapan ay pumayag na rin sila sa kondisyon.<br><br>
Ano kaya ang ginawa ng mag-ina upang magkaroon ng pagkakakitaan at mabayaran ang kanilang utang?<br>
3. Nang sumunod na araw, hiningi ni Edwin sa ina ang sandaang piso upang ihanap ng anumang pagkakakitaan.<br><br>
"Anak, Edwin, mag-ingat ka. Tiyakin mong maihahanap mo iyan ng pagkakakitaan," bilin ng ina.<br><br>
Ano kaya ang ginawa ni Edwin sa sandaang piso?<br>
4. Sa daan patungo sa poblasyon, nakita ni Edwin na hinahabol ng ilang tao ang isang asong payat. Nagnakaw raw ito ng karne sa palengke. Naawa sa aso si Edwin, kayat pinigil niya ang mga tao.<br><br>
"Hulihin ninyo ang aso at bibilhin ko sa inyo ng sandaang piso," sabi ni Edwin upang huwag lamang masaktan o mapatay ang aso.<br><br>
Pagkatapos niyon ay iniuwi ni Edwin ang aso sa kanila.<br><br>
Nang makita ng ina ang aso, nagtanong siya. "Edwin, ano ang gagawin mo sa aso? Makatutulong ba iyan sa ating paghihirap na ito?"<br><br>
"Hayaan na po ninyo, Inay. Naawa po kasi ako sa aso. Baka mapatay ng mga tao, " sagot ni Edwin.
</td>
<td>
kilos ng guro at mga piling mag-aaral habang nagkukuwento sila.<br>
Kung inaakala ng guro na masyadong mahaba ang akda, maaari niyang paikliin, ngunit hindi dapat tanggalin ang mga bahaging hahalawin para sa gagawing pagtatalakay sa mga kaugnay na aralin.
</td>
</tr>
</table>

**Ano ang nangyari sa sandaang pisong ibinigay ng nanay ni Edwin sa kaniya? Ano kaya ang sumunod na ginawa ni Edwin upang makapagsimula ng negosyo?**

5. Kinabukasan, humingi na naman si Edwin ng sandaang piso. Pumunta siya sa palengke. Nakita niya roon ang galit na galit na tindera at halos patayin ang pusang inaakalang kumain ng baong ulam ng tindera. Naawa si Edwin sa pusa.

   "Huwag na po ninyong patayin ang pusa. Heto po ang sandaang piso, bumili na kayo ng inyong ulam."

   Sobrang iyak ng ina ni Edwin noong malaman ang tungkol sa iniuwi ni Edwin na pusa. Unti-unting nauubos ang perang hiniram nila na walang nangyayaring makapag-aahon sa kanila sa hirap.

**Nagtagumpay ba si Edwin sa pangalawang pagkakataon? Magtatagumpay na kaya siya sa susunod?**

6. Humingi na naman ng sandaang piso si Edwin. Mahal ng ina si Edwin at hindi niya ito tinanggihan. Ngunit pinaalalahanan niya ito.

   "Anak, nauubos na ang inutang nating pera ay wala pa tayong, nasisimulang hanapbuhay. Wala tayong ibabayad kay Mang Rico, paalala ng ina.

   "Huwag po kayong mag-alala, Inay. Sisikapin ko pong kumita ng pera. Makababayad din po tayo ng utang. May awa po ang Diyos," sabi ni Edwin.

   Sa daan, patungo sa palengke, naraanan niya ang ilang lalaki sa may baybay-dagat. Binabato ng mga lalaki ang isang ubod ng laking isda. Naawa si Edwin sa isda. Kaya nakiusap si Edwin sa mga tao na huwag nang saktan ang isda at babayaran niya ito ng sandaang piso.

**Ano ang nangyari sa pangatlong pagkakataon ni Edwin na maghanap ng negosyo? Ano sa palagay niyo ang mga sumunod na nangyari?**

7. Tuwang-tuwang umalis ang mga lalaki matapos iabot sa kanila ni Edwin ang sandaang piso. Pagkatapos nito ay lumusong si Edwin sa tubig at hinaplos-haplos ang isda. Awang-awa siya sa isda. Laking gulat ni Edwin nang biglang magsalita ang isda.

   "Edwin, mabait ka at maawain. Ngunit alam ko ang malaki mong problema, ang utang ninyong mag-ina kay Mang Rico at kung paano kayo makababayad sa kaniya."

| | | |
|---|---|---|
| | Napatulala si Edwin sa narinig. "Huwag kang matakot, Edwin. Ibuka mo ang aking bibig. Ipasok mo ang ulo at kamay mo. Dukutin mo ang naroong singing," patuloy ng mahiwagang isda.<br><br>**Kung ikaw si Edwin, gagawin mo ba ang sinabi ng isda? Bakit? Ano kaya ang sumunod na nangyari?**<br>8. Natatakot man ay ginawa rin ni Edwin ang iniuutos ng mahiwagang isda. Nakuha nga niya ang singsing.<br><br>"Humiling ka, Edwin, sa singsing," utos pa ng isda.<br><br>**Totoo kayang maibibigay ng singsing ang anomang kahilingan ni Edwin? Ano sa palagay mo ang unang hiniling ni Edwin? Ung ikaw si Edwin, ano ang hihilingin mo?**<br>9. Humiling si Edwin ng maraming pagkain. At biglang lumitaw ang marami at ubod ng sasarap na pagkain. Tuwang-tuwang kinain ni Edwin ang mga pagkain.<br><br>"O, naniniwala ka na ba, Edwin, sa mahiwagang singsing?" tanong ng isda.<br><br>"E, o este, opo, kaibigang isda. Maraming salamat po. Paano ko kayo magagantihan sa ibinigay ninyong mahiwagang singsing?" tanong ni Edwin.<br><br>"Hilingin mo sa mahiwagang singsing, na lumaki ang tubig upang ako' y muling makabalik sa laot ng dagat," sabi ng isda.<br><br>Sinunod ni Edwin ang payo ng isda. Lumaki ang tubig. At lumangoy nang papalayo ang isda. Nang hindi na matanaw ni Edwin ang malaking isda, halos patakbo na siyang umuwi upang ibalita sa ina ang magandang nangyari.<br><br>**Kung ikaw si Edwin, paano mo sasabihin sa iyong Nanay ang tungkol sa mahiwagang singsing? Ano kaya ang nangyari sa mag-ina simula ng araw na iyon? Bakit?**<br>10. Humiling ang mag-ina ng pagkain, damit, pera, magandang bahay at sasakyan. Binayaran nila nang dalawang doble si Mang Rico sa inutang na pera.<br><br>Nakaahon ang mag-ina sa kahirapan. Mula noon ay namuhay sila nang tahimik at maligaya. Sa wakas ay lalong maraming tao, hayop, at maging mga puno at halaman ang nabigyan ng tulong ng maawain at matulunging mag-ina, lalo na si Edwin.<br><br>**Interaksiyon (Pagsagot sa Pangganyak na Tanong at Pagtalakay)** | |

1. Alamin sa mga mag-aaral ang kanilang kasagutan sa tanong na *Paano trinato ni Edwin ang mga hayop? Ano ang naging bunga nito sa kaniyang pamilya?*
2. Pag-usapan ang layon ng teksto – magsalaysay, mang-aliw, magturo ng aral.

***Ayusin ang mga Larawan*:**
Ayusin ang mga larawan ayon sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayaring naganap sa kuwento. Magbigay ng puna sa kanilang awtput.



**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

a. **Ambagan:** Humanap ng dalawang kasama at ibahagi ang pagpapakahulugan, reaksiyon /opinyon mo sa pahayag o kilos ng tauhan. Sagutin ang mga tanong sa ikatlo at ikaapat na hanay.

a. Iproseso ang sagot ng mga bata. Pag-usapan ang ilang pamantayan sa pagbibigay ng opinyon o reaksiyon katulad ng sumusunod.

**Pag-iingat upang hindi makasakit ng damdamin**

**Paggamit ng angkop na wika (sa aking palagay, siguro, 'di kaya, mas maganda yata kung, iniisip ko na)**

**Pagiging mapakumbaba sa pagbibigay ng sariling opinyon o reaksiyon**

b. Pag-usapan kung ano-anong pagkakataon ang pinaggagamitan ng pagbibigay ng reaksiyon o opinyon. Maaaring magbigay ng ilang sitwasyon at ipasadula sa mga mag- aaral ang sasabihin nila sa mga pagkakataong ito.

Halimbawa: Pinag-uusapan ninyo kung alin ang mas magandang alagaan: pusa o aso

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>a. Magbigay ng simpleng impormasyon tungkol sa mga batas sa Pilipinas na nagbibigay ng proteksiyon sa mga hayop katulad ng mga mababasa sa https://rb.gy/24xpq<br><br>**b.** Ipagawa ang **Tala-Kalikasan**<br>Isulat sa grapikong larawan ang sagot mo sa mga tanong. | May *worksheet* para sa Ambagan.<br><br>Pagkatapos ng Ambagan, isagawa rin ang maikling pagtalakay upang malaman ng mga bata kung tama ang mga ibinigay nilang pagpapakahulugan, opinyon at reaksiyon. |

| **Proteksiyon sa mga Hayop** | | |
|---|---|---|
| May mga batas sa Pilipinas na nagbibigay ng pagpapahalaga at proteksiyon sa mga hayop. | Huwag gawin:<br>pagmamalupit,pang-aabuso, pagpapabaya at pagpatay sa mga hayop.<br>Siguraduhing maalagaan ang mga hayop para sa kanilang ikabubuti. | Makibahagi.<br>Magpapaalala.<br>Magsumbong sa tulong nga nakatatanda. |

Paano mo ipinakikita ang pagp_apa_hala_ga _sa mga_hay_op?

Ano ang gagawin mo kung ma¯y¯roon ka¯ng makikitan_g______ nagmamalupit sa mga

Batay sa iyong sariling karanas¯an,¯bak¯it mahal¯ag¯a ang m¯ga¯hay¯op?

c. Magbigay ng puna sa mga sagot ng mga mga mag-aaral.

**KAUGNAY NA PAKSA 2: MGA ASPEKTO NG PANDIWA (Perpektibo)**

### 1. Pagproseso ng Pag-unawa

a. Sa pamamagitan ng pagtatanong, humalaw ng mga salitang kilos na tapos na mula sa kuwentong "Ang Mahiwagang Singsing." Ayusin ang mga ito sa unang hanay ng talaan.

b. Talakayin ang mga konsepto tungkol sa pandiwang nasa anyong perpektibo o pawatas sa pamamagitan ng pagsusuri sa kayarian/pagkakabuo ng mga pandiwang hango sa kuwento.

c.

| Perpektibo? | Salitang-Ugat | Panlapi | Katatapos | Pawatas |
|---|---|---|---|---|
| nagnakaw | nakaw | nag | kananakaw | magnakaw |
| iniuwi | uwi | in | kauuwi | iuwi |
| nabayaran | bayad | na-an | kababayad | bayaran |
| hiningi | hingia | in | kahihingi | hingin |
| pumunta | punta | um | kapupunta | pumunta |

| | | |
|---|---|---|
| | c. Ipatukoy ang iba pang pandiwang perpektibong ginamit sa akda. Idagdag ang mga ito sa talaan.<br>d. Pag-usapan ang pagkakaiba ng gamit ng pandiwang may NAG, NA, IN at UM. Halimbawa:<br><br>Si Edwin ay **nag**-uwi ng isang aso.     **In**iuwi ni Edwin ang aso.<br>**Um**uwi si Edwin na kasama ang aso.     **Na**iuwi ni Edwin ang aso.<br><br>e. Pag-aralan ang iba pang halimbawa. Magtanong din sa mga mag-aaral. Ipagamit sa pangungusap ang mga ito.<br>f. Pag-usapan ang mga panandang panahong maaaring gamitin kasabay ng mga pandiwang perpektibo. Halimbawa: kahapon, kanina, noong isang araw, noong Pasko, atbp.<br>g. Ipabuo ang mga tuntunin sa pagbubuo at paggamit ng mga pandiwang perpektibo sa pamamagitan ng pagpapasagot sa mga sumusunod na tanong:<br>● Ano ang anyong perpektibo ng pandiwa?<br>● Ano ang dapat gawin upang maging angkop ang pandiwang pangnagdaan sa pagkakabuo ng pangungusap?<br>● Ano-anong panlapi ang ginagamit sa pagbubuo ng mga pandiwang tapos na? Katatapos lang?<br>● Kailan ginagamit ang anyong katatapos?<br>● Ano-anong nagsasaad ng panahon ang maaaring gamitin sa mga pandiwang tapos | |

na o katatapos lang?

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Magbigay ng Pandiwang Perpektibo**

Tumawag ng ilang bata upang gumawa ng kilos. Ipahula sa klase ang salitang kilos na tapos na. Ipagamit ito sa pangungusap.

**Larakuwento**

Gamitin ang mga inayos na larawan (*Picture Series*) sa kuwentong "Ang Mahiwagang Singsing." Magpabuo ng magkasunod-sunod na pangungusap tungkol sa mga larawan. Ipagamit ang mga pandiwang perpektibo. Gawing pasulat ang Larakuwento upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay nakapagtamo ng kasanayan sa paggamit ng mga pandiwang perpektibo. Magbigay ng pidbak sa susunod na araw.

**IKAAPAT NA ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Kilalanin at Gamitin ang Pandiwang Perpektibo**

Panuto: Basahin ang susunod na tekstong naratibo. Tukuyin ang mga pandiwang perpektibong ginamit sa unang talata. Sa ikalawa hanggang huling talata, lagyan ng panlapi/mga panlapi ang bawat salitang-ugat upang makabuo ng pandiwang aangkop sa diwa ng pangungusap o talata.

**Si Khay**

*Ni Lilybeth C. Agno*

Noong bakasyon, si Jacey ay nagkaroon ng isang Persian cat. Sobrang nagustuhan ni Jacey ang kaniyang alaga. Pinangalanan niya ito ng *Khay.* Binilhan din niya ito ng pagkain, *cat litter* at higaan. Binigyan din niya ng laruan ang kaniyang pusa. Palagi rin niyang hinahaplos ang makinis na balahibo nito.

Isang araw, hindi agad **(uwi**) sa bahay ang pamilya ni Jacey. **(Pasyal)** kasi sila sa malayo. **(Isip)** ni Jacey si Khay at masyado siyang **(alala**). "Baka gutom na ngayon si Khay," **(sabi)** niya sa kaniyang sarili.

Gabi na nang **(dating)** sila sa bahay. Agad-agad na **(tawag)** ni Jacey si Khay. **(Ngiyaw)** naman nang malakas ang kaniyang alaga. Halatang gutom na gutom na siya. **(Bigay)** siya kaagad ni Jacey ng pagkain at tubig at **(kain)** naman agad ito ni Khay.

"Sori Khay at **(gutom)** ka," sabi ni Jacey habang hinahaplos ang kaniyang pusa.

**Karagdagang Pagbabasa at Pagsasalaysay sa Binasa**

Upang madagdagan ang kaalaman ng mga bata tungkol sa kuwentong-bayan at mga pandiwa, gawin ang mga nakatala.

1. Hatiin ang klase sa dalawa. Bigyan ang bawat pangkat ng magkaibang babasahin tungkol kina Baka at Kalabaw.

Babasahin A

***Bakit Maluwag ang Balat ng Baka***

*Salin ni Lilybeth C. Agno sa "Why the Cow's Skin is Loose" (Fansler, 2008)*

May isang mahirap na magsasakang nagmamay-ari ng isang baka at isang kalabaw. Ang dalawang hayop na ito ay siyang tanging kayamanan niya. Araw-araw niya silang pinag-aararo sa bukid. Sa sobrang pagod, nagrereklamo na sa kanya ang kanyang baka at kalabaw, subalit hindi sila pinapansin ng kanilang amo.

Dahil sawa na sa kanyang buhay, kinausap ni Baka si Kalabaw isang araw. "Tumakas na tayo sa masamang taong ito," mungkahi niya. "Kahit marumi tayo, hindi pa niya tayo pinapayagang maligo. Kung dito lang tayo, magiging pangit tayo at marumi katulad ng mga baboy. Kung tatakas tayo, mag-isa na siyang magtatrabaho at dahil diyan, makagaganti tayo sa kanya. Dali, alis na tayo!" dagdag ni Baka.

Nagising ang damdamin ni Kalabaw. Tumalon siya at umunga nang malakas. "Matagal ko na ring pinag-iisipang tumakas tayo ngunit nag-aalinlangan ako dahil natatakot ako na baka hindi ka papayag. Sobrang sama ng trato sa atin ng ating malupit na amo kaya alam kong kaawaan tayo ng Diyos. Halika. Umalis na tayo."

Umalis na ang dalawang hayop. Tumakbo sila nang mabilis hangga't kaya nila. Umiwas sila sa mga tao. Nang marating nila ang isang ilog, nagsalita ang baka. "Napakarumi natin. Maligo muna tayo bago magpatuloy. Napakalinis at napakalinaw ng tubig kaya magiging kasinlinis tayo noong bago tayo napunta sa ating amo.

"Mas magandang tumakbo muna tayo nang konti palayo at baka hinahabol na tayo ng ating amo," sagot ng kalabaw. "Isa pa, masyadong pagod na tayo at sinabi sa akin na masama sa kalusugan ang maligo 'pag pagod."

"Huwag mong paniwalaan 'yan!" sabi ni Baka. Napakalaki ng ating mga katawan kaya huwag tayong matakot sa sakit.

Sa huli, nahikayat din si Kalabaw sa mga katwiran ni Baka. "Sige! Tanggalin muna natin ang ating mga damit bago tayo lumusong sa tubig."

| | | |
|---|---|---|
| | Naghubad ang dalawang hayop; pagkatapos at tumalon sila sa malalim at malamig na tubig. Mag-iisang oras na silang nasa tubig nang makita nila ang kanilang amo na papalapit sa kanila at may hawak-hawak na pamalo. Tumakbo sila patungo sa kanilang mga damit, at sa kanilang pagmamadali, nagkapalit sila ng damit. Pagkatapos, agad silang tumakbo palayo sa kanilang amo. Dahil sa sobrang pagod, tumigil na sa paghahabol ang kanilang amo at umuwi nang bigo.<br>Ang magkaibigang baka at kalabaw ay nagkahiwalay at dahil dito, hindi na nila nagawang magpalitan ng damit. At dahil mas malaki si Kalabaw, ang balat sa leeg ng baka ay naging maluwag mula noon. Naging masikip na rin ang balat ni Kalabaw.<br><br>Babasahin B<br>**Ang Alamat ng Baka at Kalabaw**<br>(Kinuha mula sa https://tl.wikipedia.org/wiki/Alamat_ng_baka_at_kalabaw)<br><br>Noong unang panahon, sina Baka at Kalabaw ay binigyan ni Bathala ng tungkuling tumulong sa pagsasaka sa bukid. Masipag sila at hindi umaayaw sa kanilang trabaho, kahit mahirap ito.<br>Isang gabi, napansin nina Baka at Kalabaw na sila lamang ang pagod na pagod sa buong araw, samantalang ang ibang hayop ay walang ginagawa kundi maglaro o kumain lang. Dahil dito, nagpasya silang magpahinga sa susunod na araw at pumuntaa sa ilog upang maligo. Tinanggal nina Baka at Kalabaw ang kanilang mga balat at lumusong na sa ilog upang maligo. Nang magising ang magsasaka, hinanap niya ang dalawa at natagpuan niya silang naliligo sa ilog. Nagmadaling nagsuot ng balat sina Baka at Kalabaw at hindi namalayang nagkapalit sila ng suot. Tumakbo sila dahil sa takot sa magsasakang amo nila.<br><br>Sina Baka at Kalabaw ay nahuli ng magsasaka. Pinatawad sila ngunit hindi na pinagpalit ng magsasaka ang mga balat nila bilang parusa sa kanilang katamaran sa araw na iyon.<br>2. Pasalungguhitan sa bawat pangkat ang lahat ng pandiwang perpektibong ginamit sa mga akda.<br>3. Ipakuwento sa bawat pangkat ang akdang naibigay sa kanila. Gawing dugtungan ang pagkukuwento upang magkaroon ng pagkakataong magkuwento ang lahat ng mga miyembro.<br>4. Ipagamit ang mga pandiwang perpektibo.<br>5. Ano ang natutuhan mo sa kuwento?<br>6. Alin sa dalawang bersiyon ang mas gusto mo? Bakit? | |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | 1. **Pabaong Kaalaman**<br>**Bintana ng Pag-unawa.** Tanungin sa mga mag-aaral ang mga natutunan nila sa mga nagdaang araw sa pamamagitan ng pagbubuo nila ng mga konseptong maaaring isulat sa mga kuwadro: | |

2. **Pagninilay sa Pagkatuto**

Ipabuo ang talaan.

| MGA URI NG NARATIBO | KUWENTONG-BAYAN | PANDIWANG PERPEKTIBO |
|---|---|---|
| • Anekdota<br>• Tulang pambata<br>Kuwentong bayan | **Mga Layunin**<br>• Mang-aliw<br>• Magbigay-aral<br><br>**Mga Halimbawa**<br>• Ang Mahiwagang Singsing<br>Sina Baka at Kalabaw | • Tapos na<br>• Maaaring katatapos<br>• Ginagamitan ng mga panlaping *nag, um, in*<br>• Ginagamit sa pagsasalaysay ng kuwento |

| | | |
|---|---|---|
| **Ano ang iyong** | **naranasan?** | |
| | **naramdaman?** | |
| | **gagawin?** | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | MGA TALA SA GURO |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>I. Isulat sa patlang ang T kung ang pangungusap ay tama. Isulat naman ang M kung ang pangungusap ay mali.<br>1. Ang mga pangyayari sa kuwentong-bayan ay nangyari sa tunay na buhay.<br>2. Ang isang kuwentong-bayan ay nagpasalin-salin sa iba't ibang henerasyon sa pamamagitan ng bibig.<br>3. Ang kuwentong-bayan ay isang halimbawa ng tekstong impormatibo.<br>4. Ang talambuhay ay isang halimbawa ng kuwentong-bayan.<br>5. Ang kuwentong-bayan ay may layuning magbigay-aliw.<br>II. Kompletuhin ang talaan. | |

| **Pandiwang Perpektibo** | **Salitang-Ugat** | **Panlapi/Mga Panlapi** | **Katatapos** | **Pawatas** |
|---|---|---|---|---|
| naglinis | **6.** | nag | kalilinis | maglinis |
| pinunasan | punas | in at an | **7.** | punasan |
| nabantayan | bantay | **8.** | kababantay | bantayan |
| inayos | ayos | in | kaaayos | **9**. |
| **10.** | kain | um | kakakain | kumain |

III. Basahin ang talata. Bilugan ang mga pandiwang perpektibong ginamit sa una at huling talata. Sa ikalawang talata, lagyan ng panlapi ang mga salitang-ugat sa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa ng talata. (11-20)

**Si Rolan at ang mga Kuneho**

*Noong ikasiyam na kaarawan ni Rolan, niregaluhan siya ng kaniyang Nanay ng mag- asawang kuneho. Kinaumagahan, ang kaniyang Tatay ay gumawa ng bahay ng mga kuneho. Tuwang-tuwa si Rolan. Matagal na niya kasing gustong magkaroon ng alagang kuneho.*

*Sa sumunod na araw, ______________(linis) na ni Rolan ang lugar sa kanilang bakuran kung saan ilalagay ang mga kuneho. Pagkatapos ay agad siyang ____________________________(tanim) ng kangkong sa kanilang bakuran upang mayroon silang pagkain. _____________________(usap) din niya ang kapitbahay*

*nilang tindera sa palengke upang hingin na lang niya ang mga tira-tirang gulay mula sa mga paninda niya. ____________________________(bisita) rin niya ang mga kuneho upang masiguradong ligtas ang mga ito. Madaling ________________( laki) ang mga kuneho ni Rolan.*

*Pagkaraan ng ilang buwan, nanganak ng apat ang babaeng kuneho ni Rolan. Sobrang siyang nasiyahan. Lalo pa niyang pinagbuti ang pag-aalaga niya sa mga kuneho. "Mas marami na kayo ngayon kaya dapat ay mas masipag pa ako para maalagaan ko kayo nang mabuti," sabi ni Rolan sa kanila.*

2. **Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**
   **Panonood ng Kuwentong-Bayan**
   1. Kasama ang iyong pamilya, panoorin sa Youtube ang kuwento ni Agno tungkol kina Baka at Kalabaw. Ito ay mapapanood sa https://youtu.be/0kgIDGZ4A_Y
   2. Sagutin ang mga tanong:
      a. Naniniwala ka ba sa kuwentong napanood mo tungkol kina Baka at Kalabaw?
      b. Bakit kaya nagkaroon ng ganitong mga kuwento?
      c. Bakit kaya magkakaiba ang mga salaysay tungkol sa balat nina Baka at Kalabaw?

Maganda ba ang pagbabasa/pakikikinig sa mga kuwentong-bayan? Bakit?

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |